# Patuloy na Pagdaloy ng Ginhawa: A Level II Spring Water Development, Conservation Project

“Napakalaking tulong po ng water system na ito, lalo na po sa aming mga kakabaihan, na hindi na kailangan mag-igib sa ilog, na napakalayo sa aming mga kabahayan,” bahagi ni Nanay Rosa Liwanag, 56, isa sa mga residente ng Barangay Mawacat, Floridablanca, Pampanga.

Nakaugalian na sa mga katutubong Aeta ng barangay Mawacat na ang mga kababaihan ang mag-igib o manyaklu (fetch) ng tubig mula sa dalawang (2) kilometrong ilog sa paanan ng bundok, sa karatig na Sitio, sa Sitio Bungad. Ang gawaing ito’y pasan-pasan ng mga kababaihan kahit na sila ay nagdadalangtao sapagkat ang kanilang mga asawa ay pawang naghahanapbuhay. Gayunpaman, ang tubig na kanilang nakukuha rito ay hindi rin naman gano’n kaligtas at kalinis. Parehong suliranin na lumabas din sa resulta ng Social Welfare and Development Indicator (SWDI).

Taong 2010 pa lamang ay nagkaroon na ng proposisyon ang noo’y dating Municipal Social Worker and Development Officer (MSWDO) na magtayo ng isang water system para sa mga katutubong Aeta sa barangay, ngunit sa kasawiang palad ay hindi ito napondohan. Sa pangalawang pagkakataon, habang bumibisita ang Executive Director ng Philippine Good Heart Foundation (PGHF) na si Dir. Belinda Manahan upang magbigay ng libreng pa-feeding para sa mga bata, ay muling binuksan nang ngayo’y MSWDO ng Floridablanca na si Gng. Edelyn Lobo ang proposal sa pagkakaroon ng water system. Matapos ang masusing pag-aaral o

isang feasilibity study, napag-alaman na maaring maibaba ang tubig na nanggagaling sa spring o bukana ng bundok patungo sa tapat ng mga kabahayan sa naturang barangay. Kaya naman, matapos din ang pagsasaayos ng Program of Works (POW), labor at materials cost ay nagkaroon ng Memorandum of Agreement sa pagitan ng PGHF at Local Government Unit (LGU) ng Floridablanca, noong Setyembre 9, 2015.

“Ang tubig ay buhay. Kaya naman pinagtulung-tulungan namin kung pa’no mapadaloy ang tubig sa tapat-bahay ng mga kapatid nating Aeta. At ito ngang water system ang naging produkto ng pagkakaisa ng pwersa ng non-goverment organizations at government agencies,” bahagi ni Gng. Lobo.

Sa pagtutulungan ng Municipal Links ng DSWD Field Office III at local links ng munisipyo ng Florida Blanca ay nagkaroon ng Social Preparation at oryentasyon, bilang paghahanda sa mga magiging benepisyaryo ng naturang proyekto. Nakibahagi rin ang Coca-Cola Foundation Philippines, Earth Day Network Philippines, at Philippine Center for Water and Sanitation Foundation sa pagtitiyak na may sapat na pondo, kaalaman, at kahandaan ang mga tao sa pagpapatayo ng nasabing water system.

Sa tulong din ng Food for Work Program ng DSWD Field Office III ay itinayo ng 20 na mga Aeta sa naturang lugar ang water system. Kada katutubo ay kumita ng P250.00 hanggang P350.00 bawat araw sa loob ng 88 araw. Noong March 1, 2016, natapos na itayo ay nasabing water system na nagkakahalaga ng P2,093,751.00.

“Sakripisyo rin po namin ang pagpasan ng mga tubo, graba, buhangin at ibang pang materyales paakyat dito sa bundok para sa proyektong ito, na s’yang nagbigay solusyon sa problemang akin ng nasaksihan bata pa lamang ako,” bahagi ni Tatay Rodelson Liwanag, residente ng Barangay Mawacat at katulong sa pagpapatayo at pagmimintena ng proyektong water system.

Bilang pagprotekta sa naturang proyekto ay may mga

napagkasunduang polisiya at regulasyon sa pagitan ng mga Aeta at ng lokal na pamahalaan. Nagtalaga ng dalawang karagdagang empleyado ang munisipyo bilang bantay nito, bukod pa sa regular na rotasyon ng mga katutubong tiga-linis ng water reservoir. May mga oras lang din ang pagbubukas nito.

Sa kasalukuyan, nabenepisyuhan at patuloy na nabebenispisyuhan ng siyam (9) na gripo, sa apat (4) na purok ang 61 na kabahayan o 276 na pamilya. Ngunit, higit pa sa water system ang maibigay sa mga katutubong Aeta, kundi disiplina at mas dalisay na pagdaloy ng kanilang pamumuhay. ### (Andyleen C. Feje)